Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Uri ng pangungusap

Panuto: Isulat sa patlang ang uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: **PS** (pasalaysay), **PT** (patanong), **PD** (padamdam), **PU** (pautos), at **PK** (pakiusap).

PS 1. Nawalan ng kuryente sa Barangay San Mateo.

PD 2. Ay, ang dilim!

PK 3. Pakikuha ang mga kandila at posporo sa kusina.

PT 4. Alam mo ba kung nasaan ang *flashlight*?

PD 5. Aray, inapakan mo ang paa ko!

PU 6. Sindihan mo na ang mga kandila.

PT 7. Kailan kaya babalik ang kuryente?

PD 8. Naku, sana hindi buong gabi ito!

PT 9. May balita ka bang narinig tungkol sa *brownout*?

PU 10. Makinig ka sa radyo ng *cellphone* mo.

PS 11. Mahina na ang baterya ng *cellphone* ko.

PU 12. Maghanda na kayong matulog.

PS 13. Mamaya pa raw makakauwi si Tatay.

PT 14. Bakit gabi na po ang uwi ni Tatay?

PS 15. Hindi pa tapos ang miting nila sa opisina.

PD 16. Aba, may kumakatok sa pinto!

PK 17. Pakitingnan kung sino ang kumakatok sa pinto.

PD 18. Yehey, narito na si Tatay!

PS 19. Mabuti naman at nakauwi ka nang maaga.

PU 20. Ihanda na ninyo ang pagkain ni Tatay.